# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG OKTUBRE 09, 2023, LUNES, IKA-9:47 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED 12 OCT 2023 Date: Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 10/12/23 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 384-T2023**

**KAPASIYAHANG KUMIKILALA AT NAGPAPAHALAGA SA YUMAONG MAESTRO FERNANDO "NANDING" TALABIS TOBIAS, KOMPOSITOR NG AWITING "IMNO NG SANTA CRUZ".**

**SAPAGKAT**, ang bayan ng Santa Cruz ay pinananahanan ng mga malikhaing mamamayan sa iba't-ibang larangan ng sining, kabilang ang yumaong Maestro Fernando "Nanding" Talabis Tobias;

**SAPAGKAT,** dahilan sa kanyang natatanging kakayahan at talento sa larangan ng Musika, ang yumaong Maestro Nanding ay nakalikha nang mahigit sa 200 awitin, mga orihinal na komposisyong Tagalong at Ingles;

**SAPAGKAT**, ang mga komposisyon ni Maestro Nanding na mga awiting pansimbahan ay ginagamit na ng Iglesia Filipina Independiente sa Banal na Misa at mga sakramento hindi lamang sa Pilipinas kundi maging sa ibang bansa;

**SAPAGKAT,** ang mga awiting Makabayan katulad ng "Imno ng Santa Cruz" at "Imno ng Laguna", at iba pa ay kabilang din sa mga komposisyon ng yumaong Maestro Nanding;

**SAPAGKAT**, ang mga komposisyong nabanggit ay nagkamit ng papuri at karangalan para sa yumaong kompositor;

**SAPAGKAT,** maituturing na pamana sa ating bayan ang mga nilikhang ito sa larangan ng sining lalo't higit sa musika

**SAPAGKAT,** may kahilingan si Kgg. Rizaldy N. Kalaw na kilalanin at pahalagahan ang yumaong Maestro Nanding Tobias, Kompositor ng awiting "Imno ng Santa Cruz".

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kgg. Regine S. Regalado, (Tagapamuno ng Lupon sa Turismo), na pinangalawahan nina Kgg. Lea A. Almarvez, Kgg. Norman T. Tolentino, Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Kgg. Rizaldy N. Kalaw at Kgg. Patrocinia S. Kalaw at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sanggunian Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Kikilalanin at pahalagahan ang Yumaong Maestro Fernando "Nanding" Talabis Tobias, Kompositor ng Awiting "Imno ng Santa Cruz".

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan at pamilya ng yumaong Maestro Fernando "Nanding" Talabis Tobias, para sa kanilang kabatiran.

**PINAGTITIBAY. Oktubre 09, 2023.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo